

Mga Spill Kit at Mga Inspeksyon ng Spill Kit

Ang mga pag-release ay maaaring magkaroon ng mga nakakapinsalang mga epekto, kaya mahalagang maghanda kayo nang mabuti para sa mga ito. Kung magkakaroon ng spill habang ginagamit, iniimbak, o dinadala mo ang mapanganib na mga materyal, makakatulong sa pagbawas ng epekto ang pagkakaroon ng mga mapagkukunan at kaalaman sa dapat gawin.

Ang mga pag-release ay maaaring magkaroon ng mga nakakapinsalang mga epekto, kaya mahalagang maghanda kayo nang mabuti para sa mga ito. Kung magkakaroon ng spill habang ginagamit, iniimbak, o dinadala mo ang mapanganib na mga materyal, makakatulong sa pagbawas ng epekto ang pagkakaroon ng mga mapagkukunan at kaalaman sa dapat gawin.

Pag-assess ng Panganib

Paano malalaman kung anong mga panlinis na materyal ang kinakailangan?

Tingnan ang bawat mapanganib na materyal sa iyong lugar ng trabaho, pagkatapos ay suriin ang mga sumusunod na dokumento. Makakatulong ang mga ito na mabigyan ka ng kaalaman sa kung anong uri ng panlinis na mga materyal at pagsasanay ang kailangan.

- Data Sheet tungkol sa Kaligtasan
- Mga Plano ng Tulong sa Pagtugon sa Emergency (Emergency Response Assistance Plans, ERAP)
- Guidebook para sa Pagtugon sa Emergency
- Paglalathala ng ACGIH 2019 Mga Value ng Threshold Limit para sa Mga Kemikal na Substance at Mga Index ng mga Pisikal na Agent at Biyolohikal na Pagkakatantad (2019 Threshold Limit Values for Chemical Substances and Physical Agents & Biological Exposure Indices)



Pagpili ng Spill Kit

Mayroong dalawang bagay na dapat isaalang-alang kapag pumipili ng spill kit:

- Uri ng Spill Kit
- Laki ng Spill Kit

Mayroong 3 karaniwang uri ng mga spill kit:

1. Langis Lang – Dinisenyo para mapamahalaan ang mga hydrocarbon, gasolina, at iba pang produkto na gawa sa langis.
2. Pangkalahatan – Dinisenyo para mapamahalaan ang karamihan sa mga mapanganib na spill.
3. Hazmat – Dinisenyo para mapamahalaan ang mga spill ng asido at iba pang caustic at agresibong mga kemikal.

Ang mga spill kit ay karaniwang may iba't iba ng mga sumusunod:

- Mga Absorbent Pad – Direktang inilalagay ang mga pad sa spill para sa mabisang pagsipsip.
- Mga Absorbent Sock – Para maiwasan ang pagkalat ng natapon na likido, gumagamit ng mga sock tulad ng dam para mapigilan ang spill.
- Personal na Kagamitang Pamproteksyon – Madalas may kasamang mga nitrile na guwantes, goggles, disposable na mga coverall, at pangkemikal na boots.
- Pangkemikal na Bag, Timba o Drum – Para mapigilan at maitapon nang tama ang mga ginamit na materyal.

Mga karagdagang item na dapat isaalang-alang:

- Granular Spill Absorbent
- Poly Drain na Takip
- Pala na Hindi Nagniningas
- Plug n' Dike Epoxy



» RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.

Telepono: 204-632-6600 | Email: info@rpmsafety.ca | Web: www.rpmsafety.ca

Address: 25 Bunting Street Winnipeg, MB R2X 2P5

Mga Spill Kit at Mga Inspeksyon ng Spill Kit

Ang mga pag-release ay maaaring magkaroon ng mga nakakapinsalang mga epekto, kaya mahalagang maghanda kayo nang mabuti para sa mga ito. Kung magkakaroon ng spill habang ginagamit, iniimbak, o dinadala mo ang mapanganib na mga materyal, makakatulong sa pagbawas ng epekto ang pagkakaroon ng mga mapagkukunan at kaalaman sa dapat gawin.

Mga Pag-inspeksyon ng Spill Kit

Mahalagang inspeksyunin ang spill kit para matiyak na mayroon ka ng mga kinakailangang item sa isang emergency.

Gaano kadalas dapat inspeksyunin ang spill kit?

Inirerekomendang inspeksyunin ang mga spill kit sa panahon ng buwanang inspeksyon ng site ng trabaho; gayunpaman, sa mga kapaligiran na mataas ang panganib, dapat dagdagan ang dalas na ito.

Dapat kasama sa buwanang inspeksyon ang mga sumusunod:

- Madaling makuha ang spill kit
- Madaling maabot (walang mga sagabal)
- Nasa pinagtatrabahunang lugar
- Malinaw ang mga label at karatula
- Isinaalang-alang ang lahat ng imbentaryo
- Tingnan kung naroon ang lahat ng nilalaman na nasa listahan ng imbentaryo
- Nasa magandang kondisyon ang mga produkto
- Tingnan ang mga palatandaan ng paggamit, sira, o pag-expire

Tiyaking palitan ang anumang materyal na hindi maganda ang kondisyon o nawawala.

Interesado ka bang malaman kung paano magsasagawa ng pag-inspeksyon ng spill kit? Tingnan ang [VIDEO NA ITO](#) na ginawa ng RPM team sa kung paano magsasagawa ng pag-inspeksyon ng spill kit.

Pagsasanay

Ang lahat ng empleyadong nagtatrabaho sa paligid ng mga mapanganib na materyal ay nangangailangan ng pagsasanay sa kung paano ligtas na tutugon sa isang spill. Ang antas ng pagsasanay sa pagtugon ay depende sa uri at dami ng mga mapanganib na materyal sa iyong lugar ng trabaho.



Kailangan mo ba ng higit pang impormasyon? Makakatulong ang RPM! Ang RPM ay nagbibigay ng maraming kurso para tumulong na suportahan ang iyong OHS plan. Kung naging mahalaga sa iyo o sa iba ang artikulong ito sa iyong organisasyon, baka gustuhin mong pag-isipan ang mga sumusunod:

- **[Pagsasanay sa Inspeksyon sa Lugar ng Trabaho:](#)** Ang kursong ito ay nagbibigay sa mga tao ng pagkakataong ipaliwanag ang mga kinakailangan at ang (mga) layunin ng inspeksyon sa lugar ng trabaho, malaman ang hinahanap mo at kung paano matutukoy ang panganib, ang proseso ng dapat gawin kapag may mga nakita sa inspeksyon, at maunawaan ang proseso para sa pagpapatupad ng mga aksyon sa pagwawasto at kung paano susubaybayan at tutukuyin ang mga trend.
- **[Pagtukoy sa Panganib at Pagkontrol sa Panganib:](#)** Ang pag-alam sa makakasakit sa mga manggagawa sa trabaho ay ang unang hakbang para matiyak na mananatili silang ligtas. Ang maagap na pamamaraan sa pagpigil ng mga panganib sa lugar ng trabaho ay lubos na nagpapataas sa posibilidad ng di masyadong matindi at mas mababang bilang ng mga pinsala. Ang kursong ito ay nagbibigay sa mga estudyante ng praktikal na kaalaman na kinakailangan para matukoy, ma-assess at makontrol ang mga mapanganib na elemento ng kanilang lugar ng trabaho para magampanan nila ang kanilang tungkulin sa pag-iwas sa mga mapanganib na insidente.
- **[Pangunang Lunas na Pang-emergency: CPR Level C at AED:](#)** Ang kurso na pangunang lunas at cardiopulmonary resuscitation (CPR) ay nagbibigay ng mga kakayahan na kinakailangan para malaman at matugunan ang mga emergency sa puso at kapag nabilaukan para sa mga Nasa Hustong Gulang, Bata at mga Sanggol. Ang kursong ito, ay ibinibigay ng RPM Safety at naaangkop para sa mga kinakailangan sa lugar ng trabaho.

Pakitandaan na ibinibigay ang mga kurso ng RPM sa mga kumpanyang nakarehistro lang sa RPM. Dapat nakarehistro ang inyong kumpanya sa RPM at nasa proseso ng pagkuha ng sertipikasyon o dapat nakakuha ng Certificate of Recognition mula sa SAFE Work Manitoba Trucking. Hindi pa nakarehistro sa programa ng RPM? Ngayon ang magandang araw para magsimula!

Mangyaring makipag-ugnayan sa RPM sa pamamagitan ng pag-email sa info@rpmsafety.ca o pagtawag sa 204-632-6600, o sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website na www.rpmsafety.ca.